



Impormasyon tungkol sa HIV (AIDS virus) test / sexually transmitted disease (STD) test sa Osaka City



Mag-Ingat

- Ang HIV Test ay kinakailangan. Hindi puwedeng mag-test ng ibang STD test(syphilis, chlamydia, hepatitis B) lamang.
- Ang test ay libre at sikreto. Ipapaalam sa nagpa-test ang resulta at hindi ito ipapaalam gami ang telepono, email, o sulat.
- Ang mga nagpapagamot para sa HIV / AIDS ay hindi puwedeng magpa-test. Mangyaring kumonsulta sa iyong doktor.
- Paki-sundin lamang ang mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon tulad ng pag-mask at pagdidisimpekta ng mga kamay.
- Kung may lagnat o ubo, mangyaring iwasang kumuha ng test.



Para sa impormasyon tungkol sa testing sa website ng Osaka City, tingnan dito

【Ward Office (Health and Welfare Center)】 Hindi kailangan magpareserba

Lugar ng testing/address/tel.	Pinakamalapit na Train station	Isinasagawang Test	Pagbigay ng Resulta	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
Kita Ward Health & Welfare Center 2-1-27 Ogimachi, Kita-ku TEL 06-6313-9882	JR Loop Line Temma Stn/ Osaka Metro Sakaisuji Line Ogimachi Stn Exit 2-B	HIV Syphilis Chlamydia (Regular test)	(**1) Makalipas ang 1 linggo sa parehong araw at oras (Maaaring magbago ang iskedyul) (Regular test)	9:30 ~ 11:00	-	14:00 ~ 15:30	-	9:30 ~ 11:00
Chuo Ward Health and Welfare Center 1-2-27, Kyutaromachi, Chuo-ku TEL 06-6267-9882	Osaka Metro Sakaisuji Line/ Chuo Line Sakaisuji Hommachi Exit 3			-	9:30 ~ 11:00	9:30 ~ 11:00	9:30 ~ 11:00	-
Yodogawa Ward Health & Welfare Center 2-3-3 Jusohigashi, Yodogawa-ku TEL 06-6308-9882	Hankyu Railway Juso Station East exit			14:00 ~ 15:30	9:30 ~ 11:00	-	-	-
Chuo Ward Health & Welfare Center 1-2-27, Kyutaromachi, Chuo-ku TEL 06-6267-9882	Osaka Metro Sakaisuji Line / Chuo Line Sakaisuji Hommachi Exit 3	HIV lamang (Test sa parehong araw)	(**2) Makalipas ang 2 oras sa araw na iyon (Test sa parehong araw)	-	-	-	-	Unang bayad lang 14:00 ~ 15:00

★Mga dapat alalahanin sa pagbigay ng resulta

(※1) Maaaring tumagal nang higit sa 1 linggo kung may holiday tulad ng Golden Week, New Year holiday.

(※2) Kapag ang resulta ng test sa parehong araw ay "kinakailangang ang higit na pagsusuri", ang pinal na resulta ay ibibigay pagkalipas ng isang linggo sa itinakdang araw.

★Araw na walang testing

Walang testing na magaganap kung ang petsa ng test ay tumama sa araw ng holiday, New Year holiday, atbp. (mga saradong araw).

★ (※3) Testing sa gabi sa Kita-Ku

May testing sa sa gabi (18:00-20:00) sa Hulyo 29 (Biyernes), Setyembre 30 (Biyernes), Nobyembre 25 (Biyernes), 2022. Para sa mauunang 100 tao.

【Osaka Testing Consultation/Awareness /Support Center "chotCAST"】

Kailangan magpareserba (Hindi kailangan magpareserba kapag Martes) Kapasidad: 50 tao

Lugar ng testing/address/tel.	Pinakamalapit na Train station	Isinasagawang Test	Pagbigay ng Resulta	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
Osaka test consultation/awareness /support center "chot CAST" 1-7-30 Higashishinsaibashi, Chuo-ku 21 Shinsaibashi Building 4th flr 【Para sa katanungan】 TEL 06-4708-5035 ※ Sa oras lamang na may test	Osaka Metro Midotsuji Line Shinsaibashi Station Exit 5 or 6 Osaka Metro Sakaisuji Line Nagahoribashi Station Exit 7	HIV Syphilis Chlamydia (Regular test)	(※4) Makalipas ang isang linggo sa parehong araw at oras (Regular Test)	-	18:00 ~ 19:50 Hindi kailangang Magpareserba (First-come-first-served)	-	-	-	-	-
		HIV Syphilis Chlamydia (Test sa parehong araw)	(※5) Makalipas ang 2 oras sa araw na iyon (Test sa parehong araw)	-	-	-	18:00 ~ 19:30 Kailangan magpareserba (※6)	-	14:00 ~ 15:30 Kailangan magpareserba (※6)	14:00 ~ 15:30 Kailangan magpareserba (※6)

★Mga dapat tandaan sa pagbigay ng resulta

(※4) Ibibigay ang resulta ng regular na testing sa parehong araw makalipas ang 1 linggo. Tumawag kung hindi ka makakpunta sa araw na ito.

(※5) Kapag ang resulta ng test sa parehong araw ay "kinakailangang ang higit na pagsusuri", ang pinal na resulta ay ibibigay pagkalipas ng isang linggo sa itinakdang araw.

★Mga araw na walang testing

Martes ... Mayo 3, 2022, Enero 3, 2023, Marso 21

Huwebes ... Mayo 5, 2022, Agosto 11, Nobyembre 3, Disyembre 29, Pebrero 23, 2023

Sabado ... Agosto 13, 2022, Disyembre 31, Pebrero 11, 2023

Linggo ... Agosto 14, 2022, Enero 1, 2023

★ (※6) Papaano Magpareserba sa chotCAST

Maaaring magpareserba sa homepage ng chot CAST

Tumatanggap ng reserbasyon mula sa hatinggabi (0:00) ng ika-13 araw bago ang iskedyul ng test, hanggang 23:59 ng ika-2 araw bago ang iskedyul ng test.

(Halimbawa: Para sa testing sa Abril 16, maaaring magpareserba mula Abril 3 ng hatinggabi (0:00) hanggang Abril 14.)



Q&A tungkol sa Test

Q1 : Papaano i-te-test?

A1 : Ang test sa HIV / syphilis / hepatitis B ay pagsusuri sa dugo (walang pagbabawal sa pagkain).
Ang test sa Chlamydia ay pagsusuri sa ihi. Ito ay dapat na isang oras pagkatapos ng huling pag-ihi.

Q2 : Kailan dapat magpatest?

A2 : Sa inisyal na pagkahawa ng mga sexually transmitted disease (STD), may panahon na maaaring hindi tama ang maging diagnosis kahit magpa-test, at may pagkakaiba sa bawat tao. Ito ang tinatawag na “window period”. Pakitandaan na ang panahon pagkatapos maimpeksyon ay ang “window period”.

* Maaari kang magpa-test nang maaga, ngunit inirerekomenda namin na ulitin ito para makumpirma ang tamang resulta.

- HIV: mga 4 hanggang 8 linggo (possible ang tiyak na diagnosis makalipas ang 3 buwan o higit pa mula sa panahon na posibleng nahawa)
- Syphilis: mga 3-4 na linggo
- Chlamydia: mga 3 araw hanggang 3 linggo
- Hepatitis B: Humigit-kumulang 2 buwan

Q3 : Anong gagawin ko kung mayroon akong mga sintomas (naghihinala na nahawaan ng STD)?

A3 : Kung mayroon kang anumang mga sintomas, pumunta sa ospital. Magkonsulta sa department ng urology (lalaki), gynecology (babae), dermatology, o STD department.

Maaari kang maghanap ng mga klinika o ospital sa Osaka Prefecture gamit ang Osaka Prefecture Medical Institution Information System.

Para sa mga sintomas na maaaring sakit na nakukuha sa pakikipagtalik (STD), mangyaring tingnan ang website ng Osaka City.



Q4 : Gusto kong magkonsulta!

A4 :
【Pagkonsulta sa public health nurse】 Osaka City Health Center / TEL 06-6647-0656 o health at welfare center sa bawat ward
【AIDS Telephone Consultation sa ibang wika】 NPO charm / TEL: 06-6354-5901

Martes . . . English, Spanish, Portuguese

Miyerkules . . . Chinese

Huwebes . . . English

* Lahat mula 4:00 pm ~ 8:00 pm (hindi kasama ang Disyembre 28 hanggang Enero 4 ng susunod na taon)

【AIDS specialist consultation】 Hindi kailangan ang reserbasyon

- Kita Ward Health and Welfare Center una at ikatlong Miyerkules 2:00 pm hanggang 4:00 pm
- Chuo Ward Health and Welfare Center una at ikatlong Huwebes 9: 30 11:30



Q5 : Ano ang gagawin ko kung positibo sa HIV?

A5 :
• Kung positibo ang resulta ng HIV test, ipapaliwanag ng doktor ang resulta at bibigyan ka ng recommendation letter para sa ospital. Nagsusuporta rin kami para sa unang pagbisita, tulad ng paggawa ng appointment sa isang espesyal na pagamutan (kapag ibinigay sa iyo ang resulta).

(Mahalagang magkaroon ng test upang suriin ang viral load, immunity status, kung may iba pang mga komplikasyon at kung kailangang uminom ng gamot.)

• Sa kasalukuyan, dahil sa pag-unlad sa paggamot, posibleng sugpuin ang virus kung maagang magsimula at ipagpatuloy ang pagpapagamot (pag-inom ng mga gamot na anti-HIV) , at posibleng mamuhay ng normal na parang isang taong hindi nahawahan. Posibleng patuloy na mabuhay tulad ng dati.

• Mayroong sistema upang bawasan ang mga gastos sa pagpapagamot. Kung nag-aalala ka sa gastos, maaari kang makipag-usap sa isang social worker sa ospital.

• Alam mo ba ang U = U? Sa tamang paggamot, kung ang viral load ay patuloy na mapipigilan hanggang sa hindi na matukoy ang virus sa HIV test (Undetectable), hindi ka makakahawa ng HIV kahit na makipagtalik ka.

Q6 : Paano kung positibo ako sa syphilis, chlamydia, o hepatitis B? ?

A6 : Kung positibo ang resulta, ipapaliwanag ng isang public health nurse o doktor ang resulta ng test at irerekomenda na bumisita ka sa isang ospital.

Q7 : Gusto kong malaman ang higit pa tungkol sa mga STD gaya ng HIV !

A7 : Naka-post sa website ng Osaka City ang impormasyon sa bawat sakit at detalyadong test/consultation counter. Mayroon ding Twitter na "Osaka City Health Center HIV / Sexually Transmitted Disease Information Navi" na para sa HIV (AIDS) at iba pang STD.

Naglalabas kami ng pinakabagong impormasyon sa Twitter.



Osaka City
Home page



Health Center
Twitter